SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG OKTUBRE 14, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

RECORDED 30 OCT. 2024

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME DATE 103024 TIME STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 350-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 41-T2024/ KAUTUSAN BLG. 01-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NG GATID ANG PAGKUPKOP NG BAGONG LOGO O OPISYAL NA TATAK NG BARANGAY GATID, SANTA CRUZ, LAGUNA AT NAGTATAKDA NG PAGGAMIT AT PAGPAPATAW NG PARUSA PARA SA HINDI OPISYAL AT HINDI AWTORISADONG PAGGAMIT NITO.**

**SAPAGKAT,** iniharap sa Kgg. Sangguniang Bayan ang binabangit na kapasiyahan / kautusan ng Sangguniang Barangay ng Gatid, Santa Cruz, Laguna na iniliwat sa Lupon sa Kautusan at Batas para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, sa mahabang panahon, ang Barangay Gatid ay gumagamit ng logo nang walang opisyal na pagpapatibay nito;

**SAPAGKAT**, sa mga kadahilanang ipinahayag upang kupkupin ang bagong logo o opisyal na tatak ng barangay, napagtanto ng mga kasapi ng Lupon sa Batas na ito ay makatutulong at mahalaga para sa pagkakakilanlan ng Brgy. Gatid;

**SAPAGKAT,** batay sa naging pagtalakay ng lupon, mananatili pa rin ang paggamit sa dating logo, habang hinihintay ang pagpapatibay ng National Historical Commission at DILG para sa panukalang bagong logo ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Laura P. Obligacion (Tagapamuno ng Lupon sa Kautusan at Batas), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Ambiel John C. Panganiban, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr., Kgg. Lucena R. Odejar at Kgg. Mark Anthony M. Juangco at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pinagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 41-T2024/ Kautusan Blg. 01-T2024 ng Sangguniang Barangay ng Gatid ang Pagkupkop ng Bagong Logo o Opisyal na tatak ng Barangay Gatid, Santa Cruz, Laguna at nagtatakda ng paggamit at pagpapataw ng parusa para sa hindi opisyal at hindi awtorisadong paggamit nito.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, DILG, Sangguniang Barangay ng Gatid, at National Historical Commission para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Oktubre 14, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 102924

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 24

102824422